ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 18
Setyembre 21, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Isakongkreto ang nagsasariling patakarang panlabas

Ikinalulugod ng mga rebolusyonaryong pwersa na idineklara ni Presidente Duterte ng GRP na itutulak niya ang nagsasariling patakarang panlabas at lalabanan ang lahat ng anyo ng dayong panghihimasok. Ang gayong patakaran ay isa sa bahagi ng pambansa demokratikong programa na malaon nang inilahad ng Partido at ng NDFP.

Alinsunod sa kanyang deklarasyon, inianunsyo ni Duterte na hindi na lalahok ang militar ng Pilipinas sa "pagpapatrulya" sa South China Sea na pinangungunahan ng militar ng US. Inianunsyo rin niyang nakahanda ang kanyang gubyerno na bumili ng armas mula sa Russia at China. Ipinahayag rin niyang "dapat umuwi" na ang mga sundalong Amerikano na nasa Mindanao.

Na kay Duterte ang hamon na mas puspusang isalin ang nagsasariling patakarang panlabas sa isang komprehensibong programa para itaguyod ang kasarinlan ng Pilipinas sa usapin ng ekonomya, pulitika, militar, kultura at ugnayang panlabas. Kung ito'y isasakongkreto, sadyang magiging makasaysayan at makapagbubunsod ng malalaking pagbabago sa bansa.

Dapat wakasan ni Duterte ang panghihimasok ng militar ng US para gamitin ang Pilipinas na lunsaran ng interbensyon, mga digmang agresyon at pagpapakitang-lakas sa Asia-Pacific at iba't ibang bahagi ng mundo.

Hindi masasabing may nagsasariling patakarang panlabas ang Pilipinas kung ito ay nakahanay at nakatali sa militar ng US sa pamamagitan ng mga di pantay na tratado tulad ng Mutual Defense Treaty, ng Visiting Forces Agreement, Mutual Logistics Support Agreement (MLSA) at ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Nasa kapangyarihan ni Duterte ang pagbasura sa MLSA at EDCA.


Dapat totohanin ni Duterte ang sinabi niyang paaalisin na ang mga sundalong Amerikano sa Mindanao. Dapat ding itulak ng sambayanang Pilipino ang pagpapalayas sa lahat ng mga sundalong Amerikano sa buong bansa. Nakaistasyon ang mga ito sa iba't ibang mga kampong militar at pasilidad sa buong Pilipinas at imbwelto sa gerang kontra-gerilya.

Dapat ding alisin sa Pilipinas ang lahat ng mga barko at eroplanong pandigma, mga *drone*, bomba at iba pang mga kagamitang militar ng US na nakaimbak sa mga pasilidad sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Dapat ipag-utos ni Duterte na ilipat ang sundalong Amerikano na si Joseph Scott Pemberton na pumatay kay Jennifer Laude mula sa pasilidad pandetensyon ng US sa loob ng Camp Aguinaldo tungo sa regular na selda na nasa awtoridad ng gubyernong Pilipinas.

Dapat wakasan ni Duterte ang pagsalalay ng AFP sa tulong militar ng US. Tama na igiit niya ang karapatan ng Pilipinas na bumili ng sandata saan man nito gusto at hindi lang sa US. Dapat ding kontrahin ang doktrinang "counter-insurgency" ng US na nakatuon sa paggamit ng sandatahang lakas para sugpuin ang pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya.

Maaaring pangunahan ni Duterte ang pagbubuo ng deklarasyon ng mga bansa para manawagan na alisin ang lahat ng mga



barko at iba't ibang sasakyang pandigma ng US, China at iba pang mga bansa mula sa South China Sea. Maaari niyang pangunahan ang muling pagbubuhay ng tipong Non-Aligned Movement (kilusang walang pinapanigan) na samahan ng mga bansang walang presensya ng mga dayuhang tropa at hindi tali sa alinmang bansa.

Marapat na labanan ni Duterte ang pakikialam ng US sa usapin ng paggugubyerno, sa sistema ng eleksyon at pang-iimpluwensya sa mga batas at patakaran. Dapat ilantad ang iba't ibang panggigipit ng US sa larangan ng diplomasya at pulitika upang himukin o piliting sumunod ang gubyerno ng Pilipinas sa kanilang adyendang *geopolitical*.

Maaaring ipatupad ang mga hakbangin para wakasan ang dominasyon ng US sa ekonomya. Dapat iwaksi ni Duterte ang mga neoliberal na patakarang itinutulak ng US sa ilalim ng GATT, WTO, APEC at TPP at itinutulak ng China sa pamamagitan ng RCEP. Iwaksi ang adyendang nasa likod ng mga programang maka-US tulad ng Partnership for Growth at iba pa. Ibasura ang panawagang amyendahan ang konstitusyong 1987 para tanggalin ang mga sagka sa kanilang pagmamay-ari ng rekurso at yamang dapat hawak at pinakikinabangan ng mamamayang Pilipino.

Maaaring igiit ni Duterte ang karapatang makipagkalakalan sa anumang bansa na hindi bumubusina sa US, o humihingi ng pahintulot o tinatakdaan ng umiiral na patakarang panlabas nito. Maaaring pumasok ang Pilipinas sa kapaki-pakinabang na mga kasunduan sa ekonomya para sa palitan ng langis at iba pang rekurso sa mga bayang katulad ng Venezuela, Iran, Russia, China, North Korea at iba pa na hinahadlangan ng US.

Dapat sikapin ni Duterte na wakasan ang pagsalalay sa IMF at sa mga bangko at institusyong kapanalig ng IMF, kahit pa hindi ganap na pinuputol ang ugnayan sa mga ito. Maaaring palakasin ang ugnayan ng Pilipinas sa mga institusyon at bangko na hindi nakatali sa US katulad ng Asian International Infrastructure Bank.

Maaaring itulak ni Duterte ang pagpapalakas ng tumbasan at pantay na ugnayan sa China, na hindi nagpapatali dito. Maaaring pumasok sa mga kasunduan para sa pamumuhunan na kapaki-pakinabang kapwa sa Pilipinas at China. Dapat laging tinitiyak na napangangalagaan ang patrimonya ng bansa laban sa walang patumanggang pang-aabuso at pandarambong, tinitiyak ang pagsunod sa mga pamantayan sa kalusugan, sa paggawa at pangangalaga sa kalikasan, at sinisiguro ang kagyat at pangmatagalang pakinabang ng lokal na ekonomya kabilang ang pagbabahagi o paglipat ng teknolohiya. Hindi dapat pahintulutan ang mga utang na masyadong mataas ang interes o may nakataling mapang-aping mga kundisyon.

Ibinubukas ni Duterte ang pagkakataon upang muling payabungin ang nasyunalismong Pilipino: ang paninindigang wakasan ang kasaysayan ng kolonyal at malakolonyal na paghahari para kamtin ang pambansang kalayaan. Dapat suportahan at makipagtulungan si Duterte sa mga patriyotikong pwersa para isulong ang malaganap na kampanya para sa makabayang edukasyon at pag-aaral sa kasaysayan ng paglaban sa brutal na pananakop at malakolonyal na paghahari ng US sa Pilipinas sa nagdaang mahigit isandaang taon mula 1899.

Sa pamamagitan ng pakikipagusapang pangkapayapaan, maaari siyang makipagkaisa sa NDFP sa masaklaw na mga kasunduan para ipatupad ang mga hakbanging magtataguyod ng pambansang kasarinlan. Habang nakahanda ang mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa na makipagtulungan para sa pagtataguyod at pagsasakongkreto ng nagsasariling patakarang panlabas, mananatili silang militante at pursigido sa pagsusulong ng mga pakikibakang anti-imperyalista hanggang makamit ang tunay na pambansang kalayaan at panlipunang katarungan. AB


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 18 | Setyembre 21, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


**Editoryal:** Isakongkreto ang nagsasariling patakarang panlabas 1

Pambansang protesta laban sa US 3

Neoliberal na adyenda ng RCEP 4

Pakyunsal na girian 5

Paglaya ni Mary Jane, ipinanawagan 5

BHB-Bicol, nagsagawa ng pagsasanay 6

AFP, tuloy sa mga operasyon 7

Lider-magsasaka, pinaslang 7

Protesta sa mga *coal-fired power plant* 8

Kaltas sa badyet pangkalusugan 8

Mga kampuhan-protesta, binubuwag 9

150 milyon, nagwelga sa India 9



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Pambansang protesta laban sa mga tropang militar ng US

Sabay-sabay na mga kilos-protesta ang ginanap ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa Maynila, Davao, Cagayan de Oro, Sorsogon at iba pang syudad nitong Setyembre 16 upang gunitain ang ika-25 anibersaryo ng pagbabasura sa Military Bases Agreement (MBA) na tumapos sa 55 taon ng pananatili ng mga base militar ng US sa Pilipinas at batikusin ang muling pagtatayo ng mga baseng militar at pananatili ng mga tropang Amerikano sa bansa.

Sa Maynila, nagtipon ang mga raliyista sa harap ng embahada ng US. Kinundena nila ang mga kasunduang patuloy na nagbibigay-laya sa pagbabase at paglalabas-masok ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas tulad ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), Visiting Forces Agreement (VFA), Mutual Logistics Support Agreement at Mutual Defense Treaty.

Binigyan nila ng pansin ang EDCA na muling nagbuhay sa MBA sa pagpapahintulot ng pagtatayo ng mga base militar at pasilidad ng US sa loob ng mga kampong militar ng AFP. Ang pagbasura ng MBA noong 1991 ay tagumpay ng mahabang kasaysayan ng pagtutol ng mamamayan sa base militar ng US sa Pilipinas. Ito ang nagtulak sa Senado na huwag nang dugtungan ang kasunduan sa US.

### Tuluy-tuloy na pagtutol ng mamamayan

Mula nang ipataw ng US sa Pilipinas ang bungkos ng hindi pantay na mga kasunduang militar, hindi tinantanan ng mamamayang Pilipino ang pagtutol sa mga ito.


Nagrali ang mga estudyante noong Enero 18, 1933, laban sa pagpapatibay ng Hare-Hawes-Cutting Act, na nagtatakda ng walang taning na pag-iral ng mga base militar at nabal kahit "ibigay" na ng US ang kasarinlan sa Pilipinas. Noong Abril 9, 1949, pinangunahan ni Sen. Claro M. Recto ang pagbatikos sa MBA na pinagtibay noong Marso 14, 1947. Nanindigan din si Recto laban sa Mutual Defense Treaty ng 1951.

Sa ilalim ng MBA, inilagay sa tuwiran at absolutong kontrol ng gubyerno ng US ang humigit-kumulang 22 base at instalasyong militar sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Naging teritoryo ng US sa loob ng Pilipinas ang kabuuang lupaing mas malawak pa sa pinagsamang laki ng Singapore at Hong Kong.

Dito pinagana ang pinakamalalaking base militar at base nabal ng US sa buong daigdig. At dahil teritoryo, walang ligal na habol ang Pilipinas sa mga krimen at pakikialam na ginagawa ng mga Amerikano sa loob at paligid ng base.

Lumaganap ang diwa ng nasyunalismo noong dekada 1960. Naging palagiang isyu sa mga kilos protesta ng mga organisasyong kabataan ang paglaban sa mga base militar ng US at imperyalistang paghahari ng US sa Pilipinas. Ilang ulit na nagrali sa harap ng embahada ng US, pati na sa Clark Air Base, ang mga kabataan at mga manggagawa para tutulan ang Laurel-Langley Agreement, MBA at iba pang anyo ng kontrol ng US sa Pilipinas, pati na laban sa gerang agresyon ng US sa Vietnam. Sa panahong ito, nabuo ang Kabataang Makabayan, ang Movement for the Advancement of Nationalism o MAN at iba pang organisasyong nagpasiklab ng nasyunalismo.

Hindi nagapi ang mga protesta laban sa mga base militar ng US noong panahon ng diktadurang US-Marcos. Tampok sa kilusan para patalsikin si Marcos noong dekada 1970 hanggang 1986 ang panawagan na lansagin ang mga base militar ng US na itinuturing na isa sa mga haligi ng paghahari ni Marcos.




Ang malakas na bwelo ng kilusang anti-base militar ang isa sa mga salik nang maipasok sa Konstitusyong 1987 ang mga probisyon laban sa pagtatayo ng mga dayong base militar at pagpasok ng mga armas nukleyar sa bayan.

Naging tuluy-tuloy ang mga aksyon ng kilusang anti-base militar laluna noong 1990-1991 nang malapit nang matapos ang MBA at la-

yunin ng rehimeng US-Aquino na pahabain ito. Sa loob ng isang taon, sumiklab ang mga kilos-protesta sa iba't ibang panig ng bansa. Nabuo ang malapad na alyansa kontra sa tratado. Pinangunahan ng Bayan at mga pambansa-demokratikong organisasyon ang mga rali, martsa at iba't ibang anyo ng protesta. Marami ang nalikhang mga awit, aklat, sining-biswal, dula at pelikula laban sa mga base militar ng US.

Sa mismong araw ng botohan para palawigin o tapusin ang MBA, bumaha sa labas ng Senado ang 150,000 mamamayan upang isigaw ang pagtutol sa base militar ng US. Dinaig nito ang rali na walang kahihiyang pinamumuan mismo ni President Corazon Aquino pabor sa MBA.

**Nagpapatuloy na protesta**

Humupa man, nagpatuloy ang mga protesta laban sa mga base militar at presensya ng mga sundalong Amerikano sa Pilipinas. Umusbong ang protesta laban sa iniwang "toxic waste" o lason na sumira sa lupa sa loob ng Clark, Subic at iba pang base militar.

Muling bubwelo ang mga protesta sa pagtutulak ng US na muling itatag ang pamalagiang presensya ng mga tropa, sasakyan at kagamitang pandigma nito sa Pilipinas. Binuo ang kasunduang MLSA at Status of Forces Agreement na malao'y pinalitan ng VFA na pinagtibay ng senado noong 1998 sa kabila ng malaking kilos protesta laban dito.

Magpapatuloy ang maliliit at malalaking kilos-protesta laban sa pagtatatag ng Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P) sa loob ng Camp Navarro sa Zamboanga na may 900 sundalong Amerikano. Nagpasiklab rin ng mga protesta ang mga pagpatay, pag-abuso at panggagahasa na kinasangkutan ng mga sundalong Amerikano sa iba't ibang panig ng bansa. AB

# Neoliberal na adyenda ng RCEP

SA TALUMPATI NI Rodrigo Duterte sa pulong ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) noong Setyembre 6, isa sa binigyan niya ng pansin ang pagtatatag sa Regional Comprehensive Economic Partnership o RCEP.



Ang RCEP ay isang binubuong kasunduan sa pagitan ng ASEAN at China, Japan, India, South Korea, Australia at New Zealand. Sinimulan noong 2012 ang mga negosasyon para rito at inaasahang matatapos sa 2017.

Nakaugnay ang kasaysayan nito sa isang dekada nang itinutulak ng Japan na pagbubuo ng mga kasunduan para sa "malayang kalakalan" (FTA) sa pagitan nito at ng ASEAN. Sa ngayon, ang China ang pangunahing nasa likod nito. Inilalako ito bilang alternatibo sa kasunduang Trans Pacific Partnership (TPP) na pinamumunuan ng US at pumupwera sa China. Hindi kasali sa RCEP ang US.

May 16 na bansang lumalahok sa negosasyon para sa RCEP kumpara sa 12 sa TPP. Binubuo ng 16 na bansang ito ang halos 50% ng populasyon ng mundo, 30% ng pandaigdigang GDP at 29% ng internasyunal na kalakalan.

Bagamat itinutulak ng China na alternatibo sa TPP, ang RCEP ay nagtutulak rin ng mga patakarang neoliberal. Layunin nitong ipatupad ang liberalisasyon sa kalakalan, serbisyo at pamumuhunan alinsunod sa naunang neoliberal na mga kasunduan tulad ng GATT at GATS.

Sa partikular, itinutulak ng RCEP ang pagbasura ng mga taripa para gawing mas madali at sistematiko ang pagkamal ng kita ng pinakamalalaking kumpanya mula sa walang buwis at walang sagkang paglabas-masok ng puhunan at kalakal.

Nagsisilbi ito sa konseptong "Factory Asia" (Pabrikang Asia) kung saan ang produksyon sa iba't ibang bansa ay bumubuo ng iisang linya ng produksyon tulad sa isang pabrika. Pirmeng hinahanap ng malalaking kapitalista kung saan pinakamura ang lakas-paggawa para sa produksyon ng isa o ilang bahagi ng isang kalakal.

Sa ngayon, nasa 62% ang tantos ng pagkakahiwa-hiwalay ng produksyon sa East at Southeast Asia. Itinataguyod ng RCEP ang "integrasyon" ng mga ekonomya para mapahigpit ang ugnayan ng produksyon at padulasin ang labas-masok at paroo't parito ng mga inaasembol na pyesa sa iba't ibang bansa.

Ang Pilipinas ay bahagi ng tinaguriang "Factory Asia." Bahagi ng internasyunal na produksyong ito, pangunahin, ang subsektor ng pagmamanupaktura na kalakha'y nakatuon sa asembleya ng mga piyesa o bahagi ng isang kalakal, laluna ang mga pyesang elektroniko. Hanggang 56% nito ay iniluluwas sa China. Inieeksport rin ang mga ito sa Thailand at South Korea.

Ang China ang pinakamalaking bansang kakalakalan ng Pilipinas. Isa ngayon ang China sa nakikinabang sa atrasadong sistema ng produksyon sa Pilipinas. Dahil walang saligang mga industriya, ito ay laging nakasalalay sa pag-aangkat ng mga pyesa para sa lokal na mala-manupaktura na kalakha'y pag-aasembol ng mga produktong pang-eksport. Bunga nito ang palagiang depisito sa kalakalan. Umaabot na sa $5 bilyon ang depisito sa kalakalan ng Pilipinas sa China. AB

# Umiigting na tunggaliang paksyunal sa ilalim ng rehimeng Duterte

MABILIS NA UMIIGTING ang paksyunal na tunggalian ng mga naghaharing uri sa ilalim ng rehimeng Duterte nitong nagdaang mga linggo. Lantaran ang mga atake at kontra-atake ni Duterte at ng mga karibal niya sa pulitika, lalo na ang tinagurian ni Duterte na mga dilawang bumubuo ng Liberal Party.

Kamakailan, tahasang inakusahan ni Duterte na nagpaplano ang LP ng mga hakbangin para patalsikin siya sa poder at iupo si Bise-Presidente Leni Robredo na kabilang sa LP. Ayo sa kampo ni Duterte, may mga ulat silang nagpaplano ang mga Pilipino sa New York na patalsikin si Duterte sa Enero 2017.

Nitong Setyembre 19, sa paguudyok ng mga kaalyado ni Duterte sa senado, pinatalsik ang mahigpit na katunggali ni Duterte na si Sen. Leila de Lima bilang pinuno ng Committee on Justice and Human Rights. Matapos na ilang linggong puntiryahin si de Lima at akusahang sangkot sa iligal na droga, sinimulan sa kongreso ang "imbestigasyon" kung saan ipinila ang mga testigo na pare-parehong "kumanta" laban kay de Lima.

Bago nito, pinangunahan ni de Lima, dating kalihim ng nagdaang rehimen, ang isang imbestigasyon kaugnay ng laganap na mga pagpatay sa mga suspetsadong sangkot sa iligal na droga. Iniharap ni de Lima sa senado ang isang testigong ipinakilalang kasapi noon ng "Davao Death Squad".

Anang testigo, ang DDS ay tuwirang pinakikilos noon ni Duterte at kinabibilangan ng mga pulis, dating sundalo, paramilitar at iba pa na ginagamit sa pagpatay ng mga pinaghihinalaan. Gayunpaman, hindi pa man lubusang nakabubwelo ang mga pagdinig, agad na itong diniskaril ng mga alyado ni Duterte.

Ang mga atake at kontra-atakeng ito sa pulitika ay tanda ng tumitinding ribalan ng mga naghaharing uri sa harap ng malalim na krisis ng naghaharing sistema at pagtatangka ng naghaharing rehimeng Duterte na mabilis na konsolidahin ang poder nito sa burukrasya, sa pulis at sa militar at ilatag ang mga patakarang pundasyon ng kanyang rehimen.

Ang naghaharing uri sa Pilipinas ay matagal nang nahahati sa mga magkakaribal na paksyon na nagsasama-sama o nagtutunggalian depende kung papaanong napapaburan o hindi ang nakaupo sa estado poder ang kani-kanilang interes sa ekonomya: negosyo, kontrata sa gubyerno at iba pa.

Sa mahabang panahon, ang tanging nakapagbubuklod sa mga magkakaribal na paksyong ito ay ang kanilang katapatan sa kanilang among US. Napasusunod sila anuman ang ikumpas ng US.

Umusbong ang bagong aspeto ng ribalang ito ng mga naghaharing uri sa pag-upo ni Duterte. Hindi lamang hindi tapat si Duterte sa US, siya ay tahasan niyang tinutuligsa ang panghihimasok at paghahari-harian ng US sa Pilipinas. Hindi siya basta mapasusunod ng US.

Ang ribalang ito ay mabilis na umiigting habang tumitindi rin ang ribalan ng mga imperyalistang kapangyarihan, partikular ang imperyalismong US at ang bagong-umuusbong na mga imperyalista sa China.

Kaya naman ang mga hakbangin ni Duterte na umaalinsunod sa nagsasariling patakarang panlabas, ang pagbubukas sa China at iba pang bansa habang hindi naman nagsasara sa US, ay sinasalubong ng maigting na pagtutol ng mga pulitiko at grupong maka-US.

Isinasagawa ang pagtutol na ito sa layuning tiyakin na mananatili ang Pilipinas sa saklaw ng impluwensya o paghahari ng US. AB

## Paglaya ni Mary Jane, patuloy na ipinanawagan

NOONG SETYEMBRE 13, nagpiket ang mga kabataan-estudyante, sa pangunguna ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP), sa harap ng Malacañang sa Maynila upang hingin kay Pangulong Rodrigo Duterte na gawin ang lahat ng paraan para mailigtas si Mary Jane Veloso sa parusang bitay. Iginiit nilang nasa kakayahan ito ni Duterte bilang pangulo ng bansa.

Dagdag pa ng CEGP, ang pagpapaubaya ni Duterte sa batas ng Indonesia ay tila pagsuko na sa pakikibaka ni Veloso para mapawalang-sala sa kanyang kinahaharap na kaso at pagsasantabi sa pagsisikap ng mamamayang Pilipino para matigil ang pagbitay kay Mary Jane.

Unang nagdulot ng pag-aalala sa mga tagasuporta at pamilya ni Mary Jane ang magkaibang pahayag ni Pangulong Duterte at Pangulong Joko Widodo ng Indonesia hinggil sa kahihinatnan ng kaso ni Veloso. Lumabas sa dyaryong Jakarta Post ang pahayag ni Widodo na diumano'y pinahintulutan na ni Pangulong Duterte ang pagbitay kay Veloso.

Sa paglilinaw ni Widodo noong Setyembre 14, klinaro niya na ang pahayag ni Duterte sa kanilang pagpupulong ay sundin ang batas sa kanilang bansa sa kaso ni Veloso. Ayon sa National Union of People's Lawyers, hindi magkatunggali ang paghingi ng awa sa biktima at ang pagpaparusa sa mga nang-abuso.

Hinimok ng Migrante si Duterte na gawin ang lahat ng makakaya para ipanalo ang kaso laban sa mga nagrekrut kay Mary Jane. Ang pagpapanalo sa kaso nito ang magpapatunay na inosente talaga si Mary Jane at maililigtas siya sa parusang bitay. Kasalukuyang humaharap ng kasong *human trafficking, estafa* at *illegal recruitment* ang mga nagrekrut kay Mary Jane.

# Pagsasanay sa mga upisyal, inilunsad ng BHB-Bikol



Nitong ikalawang kwarto ng taon, ilang linggong nag-armas ng kaalaman at kasanayan ang mga Pulang kumander at upisyal ng Bagong Hukbong Bayan sa Bicol. Nagsipagtapos ang mahigit 40 panlarangang mga kumander at upisyal sa ginanap na Batayang Kursong Pang-upisyal. Layunin nitong ibayong palakasin ang BHB sa buong Bicol, partikular na sa pagbubuo ng mga larangang gerilya sa rehiyon.

Ang diin ng pagbubuo ng mga larangang gerilya kung saan malaki ang papel ng hukbong bayan ang tumampok kay Ka Kaloy, isa sa mga dumalong upisyal. Paglilinaw niya, "Susi ang pamumuno ng Partido sa BHB upang masinsing itayo ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa mahahalagang tereyn sa rehiyon. Ang mga baseng gerilyang ito ang magiging lunsaran ng paalun-alon na pagpalaganap ng digmang bayan."

Isa sa mga unang pinaksa ay ang pagbaybay sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon, ang kasalukuyang antas at mga tungkulin at hamon sa pagsulong ng pakikibaka ng mamamayang Bikolano. Para kay Ka Russel, kumander ng isa sa mga pamprubinsyang yunit gerilya, malaking bagay na lahat ng mga kumander at upisyal sa iba't ibang erya ay nagkaroon ng pag-unawa sa kalagayan ng rehiyon. Sa palagay niya, pinapangibabawan nito ang limitasyon ng pagpansin sa loob lamang ng kinikilusang erya. Bagkus, aniya, "nagkakaroon din ng pagmalasakit ang kasama sa mga pangyayari sa ibang prubinsya."

Kaugnay nito, nagkabahaginan ang mga kasama ng mga pamamaraan kung paano mabilis na mapupunuan ang mga kasamang nailipat ng erya, paano haharapin ang matitinding operasyon ng kaaway, at paano magtutulungan ang magkatalikurang mga larangang gerilya.

Liban sa mga ito, hitik sa mga paksa, aktibidad at pagsasanay ang mga linggong iginugol. Mula sa araw-araw na ehersisyo, indibidwal na kasanayan at maghapong mga lektura, hanggang sa pagkabisa ng makabagong mga kagamitang militar at pagpapaunlad ng mga plano sa paniniktik, sa pag-opensiba at pagdepensa. Nagbahaginan rin sa paglutas sa mga usapin sa masa at kasama.

Lahat nang ito'y tungo sa paghasa sa isip at katawan ng mga kumander at upisyal upang mabisang makagampan ng gawain. Mayaman din sa mga pangkulturang aktibidad sa pagsasanay. Iniluwal nito ang *Alab*, isang koleksyon ng mga likhang sining na itinanghal ng mga estudyante sa pagitan ng mga lektura. Hindi rin nawala ang magigiliw na sandali, mga biruan at surpresang pagtatanghal.

Para kay Ka Russel, bukod-tangi ang mga talakayan hinggil sa pamumuno sa tropa. Paano nga ba pinauunlad ang mga bagong pultaym na mandirigma? "Numero uno ang konsolidasyon sa ideolohiya. Kailangang agad siyang mabigyan ng mga pampartidong pag-aaral. Maliban diyan, mahalaga ring agad siyang ma-isyuhan ng armas, at agad na mabigyan ng pagsasanay na pulitiko-militar."

Dagdag naman ni Ka Kaloy, lulutasin ng pagsasanay na pulitiko-militar, gayundin ang pagkumpleto sa iba pang makinarya ng hukbo tulad ng medikal at lohistika, ang pag-aalinlangan ng mga mandirigma na tumupad ng mga atas, laluna sa mga labanan.

May ilan pa ang maibabahagi ni Ka Russel: "Pabweluhin sa iba't ibang gawain ang mga kasama, hindi lang, aniya, sa pagkukusina o pagpoposte; mahalaga ring nailalatag sa kasama ang inabot ng mga gawaing iniatas sa kanya at magkaroon ng punahan; at importante ring mahikayat ang kasama na magbukas ng anumang problema, hinggil sa yunit man o sa pamilya." Dati na rin namang ginagawa ang mga ito, saad ni Ka Russel, dapat lang na naitutuluy-tuloy.

Sinabi naman ni Ka Raymundo Buenafuerza, tagapagsalita ng Romulo Jallores Command, na tuluy-tuloy ang magiging pagsasanay ng hukbong bayan sa rehiyon, may tigil-putukan man o wala. Kabilang ang mga yunit milisya sa mga bibigyan ng pagsasanay.


Inaasahang sa susunod na mga buwan at taon ay maipamamalas na ng mga bagong nagtapos na kumander at upisyal ang bunga ng kanilang pulitiko-militar na pagsasanay. AB

# AFP, tuloy sa paglulunsad ng operasyon

SA KABILA NG deklarasyon ng GRP ng unilateral na tigil-putukan, nagpapatuloy pa rin ang mga opensibong operasyong militar sa iba't ibang bahagi ng bansa.

**Sorsogon.** Hindi umalis ang mga tropa ng 31st IB sa mga barangay ng San Antonio, Barcelona at mga barangay ng Sinibaran, Bonot, Coron-Coron, Cabagahan at Bariis sa bayan ng Matnog. Noong Setyembre 15, bumalik ang armadong tropa ng AFP sa Barangay Calateo, Juban matapos nilang iwanan ito ng ilang araw lamang. Sa Gubat, mula Setyembre 13 ay walang tigil ang mga operasyon ng mga ito sa mga barangay ng Sangat, Cabigaan at Tiris. Sa tabing ng "peace and development" naglulunsad ang mga sundalo ng mga operasyong paniniktik, pandarahas at pananakot sa naturang mga barangay.

**Kalinga.** Nagpetisyon ang mga residente sa Barangay Uma, Lubuangan para palayasin ang mga sundalo ng 50th IB na nakakampo sa kanilang komunidad. Ayon sa mga residente, inokupa ng mga sundalo ang pitong bahay, paaralang elementarya at simbahan. Abusado ang mga ito, anang mga residente, kaya ayaw nilang manatili ang mga ito sa kanilang lugar.



Marami nang mga kaso ang mga sundalo ng pandarahas, pagbabanta sa mga indibidwal at mga kasapi ng Ag-agama Community Organization. Nagdudulot ang kanilang presensya ng takot at kaguluhan sa komunidad dahil nagpapatrulya ang mga sundalo kada gabi at hapon. Sinusubaybayan nila ang bawat kilos ng mga residente. Marami sa kanila ang hindi na makapunta sa kanilang mga sakahan dahil sa takot.

Noong Agosto 17, tinutukan ng mga sundalo ng baril ang isang estudyanteng papasok sa eskwela. Noong Setyembre 11 naman, inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kaso si Marcos Aggalao, 73 taong gulang at dating kasapi ng Bagong Hukbong Bayan na nagretiro noong 2012.

Ayon sa pahayag ng Lejo Cawilan Command, labag ang pagaresto kay Aggalao sa Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Bukod sa may-edad, dumaranas din siya ng *hypertension* at *ulcer* kung kaya't lubos siyang mahina.

**Ilocos Sur.** Noong Setyembre 5, naglunsad ng operasyon ang 70th IB sa Barangay Namitpit, bayan ng Quirino. Dinahas ng mga sundalo ang mga magsasaka, kabilang si Ronald Lacbao na inaakusahan ng AFP na kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Sapilitan ding pinasasali ng mga sundalo ang mga lalaking residente sa CAFGU. Banta ng 70th IB, kailangang sumapi sa CAFGU ang mga magsasakang inakusahang myembro ng BHB kung gusto nilang "linisin" ang kanilang mga pangalan. Regular ding pinapatrulya ng mga sundalo ang komunidad.

Takot ang mga magsasaka rito sa maaaring gawin ng mga sundalo. Ayon pa sa isang residente, "Paano kung mapikon sila at isang gabi'y pagbabarilin kami at lagyan ng shabu sa tabi ng aming bangkay upang bigyang katwiran ang kanilang pamamaslang? Yang mga pulis at army, magagawa nila kahit na ano, di sila kumikilala ng karapatang pantao."

Nananatili naman ang presensya ng mga sundalo ng 5th ID sa mga prubinsya ng Isabela, Cagayan, Apayao, Kalinga, Mountain Province, Ifugao at Benguet. AB

## Lider-magsasaka sa Isabela, pinaslang

ISA NA NAMANG magsasaka ang pinaslang ng mga ahenteng militar nitong Setyembre. Pinaslang noong Setyembre 7 ng mga nakamotorsiklong kalalakihan si Ariel Diaz sa kanyang sakahan sa Villa Pereda, bayan ng Delfin Albano. Ang pamamaslang ay limang araw lamang matapos ang karumaldumal na pagmasaker ng mga sundalo sa apat na magsasaka sa Nueva Ecija.

Si Diaz ay tagapangulo ng Danggayan Dagiti Mannalon (DAGAMI), lokal na balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa Isabela. Pinamumunuan din niya ang Intermunicipal Peasant Alliance against Foreign Landgrabbing in Isabela.

Ani Antonio Flores, pangkalahatang kalihim ng KMP, nakababahala ang tumataas na bilang ng pagpaslang sa mga magsasaka sa ilalim ng administrasyon ni Duterte.

"...Ang mga pagpaslang sa Nueva Ecija at Isabela ay dahil sa tunggalian sa lupa sa pagitan ng magsasaka at mga nangangamkam ng kanilang mga lupa. Ang mga salarin ay mga pribadong gwardya o di kaya ay mga sundalo na nagsisilbing *private army* ng mga *landgrabber*," dagdag pa ni Flores.

Aktibo si Diaz at ang DAGAMI sa pagharang sa iba't ibang pangangamkam ng lupa hindi lamang sa Delfin Albano, kundi pati sa mga bayan ng Ilagan, Tumauini at Quirino. Nitong huli, sunudsunod ang mga tagumpay ng mga magsasaka rito na makapanatili sa lupang sinasaka at makapagtanim ng makakain kahit na patuloy na ipinagkakait ng estado ang kanilang karapatan sa lupa.

Ayon sa pagsisiyasat ng KMP noong 2011 at 2012, nakitang malawak na lupaing taniman ng palay at mais sa Isabela ang kinamkam ng GFII, Ecofuel Development Corp., JGC Corp., Philippine Bioethanol and Energy Investments Corp at GCO Taiwan Holding Company.

## Mga protesta laban sa mga *coal-fired power plant*

NAGLUNSAD NG SERYE ng protesta ang Kalikasan People's Network for the Environment (Kalikasan PNE) at iba pang grupong makakalikasan noong Setyembre 8 at 9 para tutulan ang operasyon ng mga dekarbon na plantang pang-enerhiya. Iginiit din ng mga grupo na maglabas ng utos ng pagpapatigil ang Department of Environment and Natural Resources laban sa mga ito. Muli nilang ibinunyag ang idinudulot na polusyon at iba pang masasamang epekto ng naturang mga planta sa kalikasan at kalusugan ng mamamayan sa lugar.

Kabilang sa mga kilos-protesta na inilunsad ng mga grupo ang porum sa Baclaran, piket sa harap ng Department of Energy sa Taguig at pakikipagdayalogo sa mga upisyal ng DENR sa Quezon City. Sa dayalogo, ibinahagi ng mga grupo ang inisyal na resulta ng kanilang apat na araw na imbestigasyon sa mga apektadong komunidad sa Calaca noong Setyembre 1 hanggang 4.


Sa Batangas, tinutulan ng mga makakalikasang grupo ang operasyon ng dalawang plantang pinatatakbo ng karbon. Anila, dati nang makapal ang polusyon dulot ng Sem-Calaca *coal-fired power plant* sa Barangay San Rafael na pagmamay-ari ng David M. Consunji, Inc. Holdings. Tumindi ito nang magsimula ang operasyon ng 135-mw Southern Luzon Thermal Energy Corp., na pagmamay-ari naman ng pamilyang Ayala at kasosyo ang Phinma Group sa Puting Bato West Village.

Samantala, kinundena ng Panalipdan-South Mindanao ang iligal na pag-aresto ng isa sa kanilang myembro noong Setyembre 19. Inaresto ng sundalo si John Claudio Maniquez, 21, habang nagpapaskil ng mga poster ng isang porum para sa kapayapaan sa Pantukan, Compostela Valley. Kinasuhan siya ng *illegal possession of firearms.* Ang dalawa niyang kasama ay hindi pa natatagpuan.

# Mababa nang badyet para sa kalusugan, kakaltasan pa sa 2017

SA BADYET PARA sa 2017 na isinumite ng gubyernong Duterte sa Kongreso, kakaltasan nang hanggang P31 bilyon ang dati nang mababang badyet pangkalusugan. Mula P125 bilyon ngayong taon, nasa P94 bilyon na lamang ang ilalaan ng reaksyunaryong gubyerno sa mga pampublikong ospital at iba pang pasilidad at serbisyong medikal.

Ayon sa Health Alliance for Democracy (HEAD), aabot sa 72 ospital ng Department of Health (DOH) ang kakaltasan ng badyet para sa Maintenance and Other Operating Expenses (MOOE) sa 2017. Saklaw ng pondong ito ang pagbili ng gamot at pagmamantine ng kagamitan at pasilidad medikal. Mahigit kalahati sa nakaraan nitong badyet ang kaltas. Mula P74.4 bilyon noong 2016, gagawin itong P38 bilyon sa taong 2017. Dahil dito, higit pang tataas ang halaga ng serbisyo sa mga ospital, gamot, singil sa laboratoryo, hindi pa kasama ang ilang mga ospital na sumisingil ng bayad para sa mga palikuran.



Ang dati nang maliit na badyet para sa mga pampublikong ospital ay nagresulta na sa matataas na presyo ng mga serbisyo, gamot, pagpapaospital, pagpapalaboratoryo at iba pa. Lalo itong lalala kapag binawasan pa.

Masahol pa, walang nakalaang pondo para sa mga Barangay Health Center sa badyet ng DOH para sa 2017, mula sa P7 bilyong nakalaan para rito ngayong 2016. Bigo ang DOH na bigyang importansya ang pagtitiyak ng serbisyong pangkalusugan sa batayang antas, ani Carabeo.

Ang mga kaltas na ito ay bunga ng mga neoliberal na patakaran ng pribatisasyon at korporatisasyon ng serbisyong pangkalusugan.

Tinuligsa rin ng HEAD ang pinakabagong pakulo ng DOH na programang pangkalusugan, ang "All for Health, Health for All." (Lahat para sa Kalusugan, Kalusugan para sa Lahat) na paglalaanan diumano ng P143 bilyon. Ayon kay Dr. Jose Carabeo ng HEAD, wala itong ipinagiba sa programang pangkalusugan ng nagdaang rehimeng Aquino. Kung hahatiin ang badyet na ito sa kabuuang populasyon, lalabas na nasa P2.50 lamang ang pondo ng pamahalaan para sa bawat Pilipino.

"Ang 'Kalusugan para sa Lahat' ay mananatiling ilusyon hanggang ang mga patakaran ay nananatiling nakatuon sa pagpapalobo ng kita at yaman ng iilan," pahayag ng HEAD. AB

**PAGTUTUWID**

Sa nakarang isyu ng *Ang Bayan*, maling nailagay na isa sa mga pinaslang sa masaker sa Lianga si Bobby Tejero. Ang dapat na nakalagay ay Datu Juvello Sinzo, isang lider-Lumad, kasama nina Emerito Samarca at Dionel Campos. Si Bobby Tejero ay myembro ng grupong paramilitar na itinuturong pangunahing salarin sa masaker, kasama ng kanyang kapatid na si Loloy at isang Garito Layno. Paumanhin—Patnugutan ng *AB*

## Barikada ng NAMARA, binuwag

BINUWAG NG MGA pulis ang barikada ng mga nagpuprotestang manggagawa ng Nakashin Davao International noong Setyembre 15 matapos ideklara ng lokal na korte na iligal ang kanilang welga. Idineklara rin ng korte na kasong sibil, at hindi kaso sa paggawa, ang sigalot sa pagitan ng mga manggagawa at ng maneydsment ng Nakashin. Nagwelga ang mga manggagawa rito noong Abril matapos pwersahin sila ng kumpanya na pumirma sa isang blankong dokumento at bumitaw sa trabaho kapalit ng P1,000.

Mariing tinutulan ng Kilusang Mayo Uno (KMU)-SMR at ng Nagkahiusang Mamumuo sa Nakashin (NAMARA) ang ginawang pambubuwag ng pulis. Anila, hindi saklaw ng lokal na korte ang kaso dahil rehistradong unyon ang NAMARA at sa gayon dapat ang Department of Labor and Employment (DOLE) at mga ahensya nito ang magresolba sa welga.

Samantala, tinangkang buwagin ng mga pribadong gwardya ang piket na itinayo ng mga manggagawa ng Manila Cordage Company (MCC) at Manco Synthetic Inc (MSI) sa harap ng kanilang pabrika sa Carmelray Industrial Park 1 sa Calamba, Laguna noong Setyembre 17. Ang mga gwardya na mula sa tatlong magkakaibang ahensya ay binayaran ng maneydsment ng dalawang kumpanya para guluhin at tangkaing buwagin ang piket ng mga manggagawa.

Sa kabila ng pambabato at panunutok ng baril ng mga gwardya, nanatiling matatag ang mga manggagawa. Bandang hapon sa araw ding iyon, nagkaroon ng negosasyon sa pagitan ng dalawang unyon, mga kinatawan ng KMU, DOLE at Carmelray, kaharap ang mga pribadong gwardya at mga pulis. Apat na buwan nang nakawelga ang mga manggagawa ng MCC at MSI.

# Higit 150 milyon, nagwelga sa India

Naglunsad ng isang pangkalahatang welga noong Setyembre 2 ang 150 hanggang 180 milyong manggagawa sa India upang tutulan ang mga neoliberal na patakaran sa ekonomya ni Prime Minister Narendra Modi.

Inorganisa ng sampung sentro ng kilusang unyon, itinuturing ang naturang welga bilang pinakamalaki sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Nakiisa rito ang mga independyenteng pambansang pederasyon ng mga manggagawa at mga empleyado ng gubyerno. Mula pa 1991 ay nilabanan na ng mga manggagawang Indian ang mga patakarang neoliberal sa kanilang bansa. Ang ginanap na welga ay ika-17 nang inilunsad.

Itinutulak ni Modi ang papalaking dayuhang pamumuhunan at pribatisasyon ng ilang industriyang pinatatakbo ng estado, kabilang na ang depensa, mga riles at tren, pagbabangko at seguro, pagtitingi at industriya ng gamot.

Ihinalimbawa ng All-India Bank Employees Association ang pagsasapribado ng mga pampublikong banko at mga merger. Tinuligsa din ng mga empleyado ang paggamit sa mga idineposito ng mamamayan bilang pautang sa malalaking kapitalistang hindi nagbabayad.

Gayundin, tutol ang mga manggagawa sa panukala ng gubyernong Modi na pahintulutang magtanggal ng manggagawa o magsara ang mga kumpanyang mayroong 300 manggagawa. Yaon namang mga empresang may dibababa sa 40 manggagawa ay inililibre nang tumupad ng aabot sa 14 batas sa paggawa. Ilan pa sa mga panukalang batas ay ang pagpapahintulot sa "hire and fire", paglalagay ng mga balakid sa pagbuo ng mga unyon at pagbabawas sa umiiral nang mga panlipunang seguridad.

Ayon sa mga manggagawa, magdudulot ang mga patakarang ito ng pagbaba ng sahod at kawalan ng empleyo. Sinikap ng gubyerno ni Modi na apulain ang itinakdang welga at nagbigay ng ilang kunsesyon, ngunit sinalubong ito ng mga manggagawa ng panawagang itaas ang minimum na sahod mula sa arawang Rs160-Rs423 tungong Rs18,000 (humigit-kumulang Php12,800) bawat buwan.

Naging maigting ang mga protesta sa mahigit 10 estado ng India, kabilang sa Gujarat, ang estadong pinagmulan ni Modi. Maging sa pangunahing estadong Delhi ay may 20,000 mga nars na nagpiket sa labas ng mga ospital. Kabilang sa mga lumahok sa 24-oras na welga ay ang milyun-milyong mga manggagawa't empleyado sa pampublikong transportasyon, bangko at seguro, gayundin ang mula sa mga minahan, mga daungan, pabrika ng bakal at tela, planta ng enerhiya, at telekomunikasyon. Lumahok din ang milyong mga duktor at nars, mga manggagawa sa agrikultura at industriya ng depensa, gayundin ang mga empleyado sa sektor ng *information technology*, edukasyon at iba pa.

Muling iginiit ng mga manggagawa ang kanilang 12-puntong mga kahingian na una na nilang ihinapag noong 2015. Kabilang sa mga ito ang pagpigil sa pagtaas ng mga presyo ng bilihin, paglikha ng empleyo at pagtaguyod sa kagalingan ng mga manggagawa, pensyon na hindi bababa sa Rs3,000 (Php2,147), konsultasyon sa mga manggagawa sa mga usapin ng paggawa at pagwawakas sa kontraktwalisasyon at pribatisasyon. AB